

Ano Ba Ang Iniaalok Ng CHDP?

Ang programa ng CHDP ay tumutulong upang maiwasan o mahanap ang mga problema sa kalusugan sa pamamagitan ng regular, walang gastos, na pagpapatingin ng kalusugan. Ang mga kabilang sa pisikal na pagpapasuri ay:

- Mga pangyayari sa kalusugan at paglaki
- Pisikal na eksaminasyon
- Kailangang mga bakuna
- Pagsangguni sa isang dentista para sa pagsuri sa kalusugan ng ngipin simula sa edad na 1
- Pagsuri sa nutrisyon
- Pagsuri sa pag-uugali
- Pagsuri sa paningin
- Pagsuri sa pagdinig
- Impormasyong Pangkalusugan
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, na maaaring kabilang ang:
anemya, lead, tuberkulosis, at iba pang mga problema, kapag kinakailangan
- Pagsangguni sa programa ng Mga Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Kabataan (WIC) para sa mga bata hanggang sa edad na 5

Iba Pang Mga Serbisyo

Kung kailangan pa ng karagdagang serbisyong pangkalusugan, tutulungan ka namin na mahanap ang mga ito, kabilang ang:

- Mga dentista na tumatangap ng Denti-Cal para sa pangangalaga ng ngipin ng iyong anak
- Medikal na espesyalista, kapag kinakailangan
- Serbisyong pangkalusugan ng isip at pang-asal, kapag kinakailangan

Ang pagkilala at paggamot ay maaaring bayaran hangga't ang iyong anak ay may Medi-Cal.

Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CHDP, mga pagpipilian sa transportasyon, o para sa tulong sa pagkuha ng isang pakikipagtipan, makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng CHDP.

Mapagkukunan ng impormasyon sa County ng Los Angeles:

Los Angeles County
9320 Telstar Ave, Suite 226
El Monte, CA 91731
Telepono: (800)993-2437
Fax: (626)569-9350

City of Long Beach
2525 Grand Ave.
Long Beach, CA 90815
Telepono: (562)570-7980
Fax: (562)570-4099

City of Pasadena
1845 North Fair Oaks Ave, Room 2137
Pasadena, CA 91103
Telepono: (626)744-6015
Fax: (626)396-7324

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Kagawaran ng Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan sa California sa:
www.dhcs.ca.gov/services/chdp

***Ang regular na pagpapatingin ng kalusugan ay magpapanatiling malusog sa iyong anak.
Ang pagpapatingin ng kalusugan ay maaari ring makatulong na makita at malunasan ang problema bago pa man ito lumala.***



Edmund G. Brown, Jr.
Gobernador, Estado ng California

PUB 183- LA (Tagalog, 9/15)

Tagalog

Programang Pangkalusugan at Pagpigil sa Kapansanan ng mga Bata (CHDP)

Mga Pagpapatinging Pang-Kalusugang Medikal at Dental



LIBRE

Para sa mga Sanggol, Mga Bata, at Kabataan
Sa ilalim ng edad na 21 na may Buong Saklaw na Medi-Cal o
Sa ilalim ng edad na 19 na may Mababang Kita ang Pamilya.
Walang Kinakailangang Kasulatan

Bakit Dapat Magpasuri Ng Kalusugan?

Ang pagpapatingin ng kalusugan ay mahalaga para sa lahat ng mga bata at kabataan. Ang pagpapatingin ng kalusugan ay pagkakataon upang:

- Makita at matugunan ang mga medikal, dental, at pang-asal na mga problema sa kalusugan.
- Kumuha ng mga kinakailangang bakuna
- Tanungin ang iyong doktor

Ang pagpapatingin ng kalusugan ay maaari ding gamitin para sa foster care, mga palakasan, pisikal na pagsasanay, o pagpasok sa paaralan, kung kinakailangan.

Mga Sanggol at Mga Batang Nagsisimula Pa Lang Maglakad Pagkapanganak Hanggang 3 Taon

Ang regular na pagpapatingin ay maaaring panatilihin ang iyong sanggol na masaya at malusog. Maaari mong malaman ang tungkol sa paglaki, timbang, at kalusugan ng iyong sanggol, at binibigyan ng kailangang bakuna. Sa 1 taon at 2 taon, ang iyong sanggol ay dapat na masuri para sa lead. Ang isang pagsusuri para sa anemya ay ibinibigay din. Ang iyong anak ay dapat na magpatingin sa isang dentista nang kahit isang beses sa isang taon simula sa edad na 1.



Dental

Mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng CHDP para sa tulong upang maghanap ng isang Dentista na tumatanggap ng Denti-Cal. Ang CHDP ay maaari ring makatulong sa pagtatakda ng pakikipagtipan at transportasyon kung kinakailangan.

Mga Batang nasa Paaralan 4 Hanggang 12 Taon

Mahalaga na matiyak na ang iyong anak ay malusog at handa na para sa pag-aaral. Ang mga batas ng Estado ay nangangailangan na ang mga bata ay sunod sa panahon sa kanilang mga bakuna at makapagpasuri ng kalusugan.

Ang mga batang nasa paaralan ay maaari ring makakuha ng pagsusuri sa paningin at pandinig. Kung ang iyong anak ay hindi pa nagkakaroon ng pagsusuri sa lead, siya ay dapat magkaroon ng isa sa edad na 6 o mas maaga. Ang iyong anak ay dapat na magpatingin sa isang dentista nang kahit isang beses sa isang taon.



Paningin at Pagdinig

Ang mga lokal na tanggapan ng CHDP ay maaaring magbigay ng tulong upang makakuha ng mga serbisyo sa paningin at pagdinig kung kinakailangan.

Sino ang Karapat-dapat?

Mga bata at kabataan hanggang sa edad na 21 na karapat-dapat para sa Medi-Cal. Mga bata at kabataan sa ilalim ng edad na 19 na ang kinikita ng pamilya ay mas mababa sa o katumbas ng 200% ng Alituntunin ng Kitang Pederal ay karapat-dapat din. Katibayan ng paninirahan at kita ay hindi kinakailangan.

Mga Tinedyer at Mga Batang May Sapat na Gulang 13 Hanggang 20 Taon

Kailangan din ng mga tinedyer ang pagsusuri ng kalusugan! Ito ay isang pagkakataon upang siguraduhin na ang iyong tinedyer ay malakas at lumalaking maayos. Isa rin itong pagkakataon para sa iyo o sa iyong tinedyer upang tanungin ang doktor ng anumang mga katanungan. Ang karagdagang pagsusuri ng kalusugan ay maaaring ibigay para sa palakasan at pisikal na pagsasanay. Ang iyong anak ay dapat na magpatingin sa isang dentista nang kahit isang beses sa isang taon. .



Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan, Autism at Pag-uugali

Makipag-ugnay sa lokal na tanggapan ng CHDP para sa tulong upang makuha ang mga serbisyong ito.